# Sekswal Na Pang-aabuso Sa Kabataan: Indikasyon at Epekto

## Child sexual assault: Indicators and effects

Bravehearts
Educate Empower Protect
Our Kids

ACCESS COMMUNITY SERVICES LTD

BRAVEHEARTS FOUNDATION LTD
PO Box 575 Arundel BC Qld 4214
P 07 5552 3000 F 07 5552 3088
bravehearts.org.au

FREECALL 1800 272 831

Mga kabataan at mga dalaga na nagkaroon ng sekswal na karanasan ng pang-aabuso (panggagahasa) ay makakaranas ng problema sa pangkaisipan at pag-uugali, simula sa maliit at pwedeng humantong sa matindi o malubha sa katagalan. Ang mga epektong ito ay naka depende sa iba't ibang kalagayan ng pang-aabuso at sa paglaki ng bata.

### Karaniwang Indikasyon sa kabataan

- Hindi karaniwan o bagong takot sa tao o kapaligiran
- Nahihirapan sa konsentrasyon o naaalala ang pangyayari.
- Mga pagbabago sa pagkain o sa pagtulog
- Takot mapag-isa o sa mga taong nakapaligid
- Temang sekswal sa likhang-sining , nobela, laro at ipa ba
- Pagpapakita ng kaalaman sa sekswal na asal sa paglipas ng panahon
- Napapaihi o napapadumi sa higaan kahit na katatapos lang dalhin sa palikuran
- Nawawala sa sarili (nagagalit, nangungulit,nagsisinungaling))
- Nagbabago ng ugali (kumakalas sa pagiging kaibigan, depresyon)
- Pagsakit ng kasarian, paglabas ng lekido o pagdurugo
- Problema sa kaibigan at takdang – aralin
- Hindi tiyak na sintomas ng pagkakasakit tulad ng sakit ng ulo o sakit ng tiyan
- Pinsala sa sarili (paglaslas, mapanganib na pag-uugali
- Nagbibingi-bingihan o hindi nakikinig



### Katotohanan:

- Ang mga kabataan sa lahat ng kulturang kinalakihan mapa etnikong kinalakhan at iba't ibang gulang ay baka may sekswal na karanasan.
- Sekswal na pang-aabuso sa mga kabataan ay nangyayari sa iba't ibang klase ng pamilya.

Kahit ano pa man, importante na bigyan ng pansin ang mga pagbabago ng mahal sa buhay. Seryusuhin kung may ipinakikita sila na di pangkaraniwang pag-uugali.

### Epekto sa maikling panahon ay mga sumusunod:

- Pagtaas ng mga nararamdaman, sakit ng katawan o iba pang pisikal na reklamo
- Malimit na pagdalo o pagpasok sa eskwelahan
- May kahirapan sa konsentrasyon o makakalimutin
- Pagbabago ng kalooban
- Nakakaramdam ng kahinaan
- Pagkaroon ng problema sa pagkain at pagtulog
- Kakulangan ng lakas ng loob
- Nagkakaroon ng masamang panaginip
- Pinsala sa sarili o pag-iisip ng pagpapakamatay
- Pagka-inis sa sarili o pagkawalan ng lakas ng loob
- Hindi maselan na pag-uugali
- Agresyon o may pagkabugnutin
- Nagbibingi-bingihan o di nakikinig

### Epekto sa katagalan ng panahon ay mga sumusunod:

- Pagkabuo ng marahas na ugali
- Pagkabuo ng ugaling mala-kriminal
- Pagkabuo ng isisping pagpapakamatay
- Pagkaroon ng trauma
- Sekswal na kahirapan
- Kawalan ng kakayahan para sa pang matagalang relasyon
- Kawalan ng kakayahan sa pagkakakilanlan
- Pagkakaroon ng problema sa pagpapakasal
- Kahinaan sa pagiging isang magulang
- Maling paggamit ng alcohol at iba pang sangkop

!

Eto ang pinaka-importante na maintindihan, malakas na tama at epekto ng sekswal na karahasan ng mga kabataan ay mapigilan. Bata at matanda na may suporta at naniniwala na kapag sila ay nagsalita ay maaaring di humaba ang negatibong epekto.

**Karamihan sa mga nakaligtas ay nakapamuhay ng maayos, masaya, makabuluhan at ligtas na buhay.**



copyright 2016 Bravehearts Foundation Ltd